


Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Konsepto at mga Salik ng *Supply*



Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Konsepto at mga Salik ng Supply

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: May Faith B. Dayagdag, Augustus G. Soriano

Editors: Serapion P. Cabatingan Jr., Nelson S. Lasagas

Tagasuri: Ramel P. Cael

Tagaguhit: Junelito Pamat

Tagalapat: Pepe M. Tabanao, Jr., Rosel P. Patangan

Tagapamahala: Ruth L. Fuentes

Pedro Melchor M. Natividad

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Danny A. Cordova

Ma. Diosa Z. Peralta

Ma. Madelene P. Mituda

Alelen Zinnia A. Pancho

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

Araling Panlipunan **Ikalawang Markahan – Modyul 2:** **Konsepto at mga Salik** **ng *Supply***

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	PAMANTAYANG PAGGANAP
Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng pwersa ng demand at suplay, at sa sistema ng pamilihan bilang batayan ng matalinong pagdedesiyon ng sambahayan at bahaykalakal tungo sa pambansang kaunlaran.	Ang mga mag-aaral ay nakapagsusuri sa mga pangunahing kaalaman sa ugnayan ng pwersa ng demand at suplay, at sistema ng pamilihan bilang batayan ng matalinong pagde-desisyon ng sambahayan at bahaykalakal tungo sa pambansang kaunlaran.

Sa araling ito, bilang mag-aaral inasahang matutunan mo ang sumusunod na mgalayunin:

- Natatalakay ang konsepto ng *supply* at salik na nakaaapekto sa *supply* sa pang araw-araw na pamumuhay, (ArPan9, Q2, W3-4, MELCs: 2020)

Tiyak na Layunin

- Nabibigyang kahulugan ang *supply*.
- Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa *supply*.
-



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap o pahayag. Piliin at isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tumutukoy sa matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*?
 - A. Law of Supply
 - B. Supply Curve
 - C. Supply Function
 - D. Supply Schedule

2. Ang presyo ng tinapay ay unti-unting bumababa ng tigtatlong piso kada araw mula sa ₱ 25. Pagkatapos ng limang araw, ang presyo ng tinapay ay ₱ 10. Ano ang epekto nito sa *supply* at sa mamimili?
 - A. Darami ang suplay ng tinapay at darami ang mamimili.
 - B. Darami ang suplay ng tinapay pero hindi mabebenta ang mga ito.
 - C. Bababa ang suplay ng tinapay pero darami ang gustong bumili nito.
 - D. Bababa ang suplay ng tinapay at bababa rin ang dami ng gustong bumilinito.

3. Bilang isang mag-aaral, alin sa mga sumusunod ang nararapat mong gawin kung tumaas ang presyo ng produkto?
 - A. Maghanap ng paraan upang mabili ang kagustuhan
 - B. Magtipid at bilhin ang nararapat na pangangailangan
 - C. Bilhin ang nararapat at humingi na lamang kapag kulang na ang salapi
 - D. Bilhin ang nararapat at hayaan na lamang ang mangyayari kinabukasan.

4. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng direktang ugnayan ng presyo at *supply*?
 - A. Kapag tumaas ang presyo, nananatili ang dami ng *supply* ng produkto at serbisyo.
 - B. Ang pagtaas ng presyo ay walang epekto sa dami ng *supply* ng produkto at serbisyo.
 - C. Kapag tumaas ang presyo, kokonti ang *supply* ng produkto o serbisyonghanda at kayang ibenta.
Kapag tumaas ang presyo, dadami rin ang *supply* ng produkto o serbisyonghanda at kayang ibenta.

5. Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan ng *supply*?
 - A. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handang ipagbili ng prodyuser sa iba't-ibang presyo.
 - B. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
 - C. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili ng prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
 - D. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.

6. Ano ang gawain ng mga mamumuhunan ang nagdudulot ng artipisyal na kakulangan ng *supply* sa pamilihan?
 - A. *shortage*
 - B. surplus
 - C. *hoarding*
 - D. *bandwagon effect*

7. Sa paggawa ng produktong ibebenta, isinasaalang-alang ng mamumuhunan ang mga salik ng produksiyon. Ano ang kahihinatnan ng pagtaas ng presyo ng alinmang salik?
- A. Ito ay mangangahulugan ng malaking kikitain ng mamumuhunan.
 - B. Ito ay mangangahulugan ng mabilis na produksiyon ng mga produkto.
 - C. Ito ay mangangahulugan ng pagtaas ng *supply* dahil sa mataas na presyo.
 - D. Ito ay mangangahulugan ng pagtaas sa kabuuang gastos sa produksiyon.
8. Ano ang mangyayari sa produksiyon ng *supply* at kalagayan nito sa pamilihan kung magpasyang gumamit ng makabagong makinarya ang prodyuser?
- A. Magkakaroon ng unti-unting pagbaba sa *supply*.
 - B. Tataas ang *supply* sa pamilihan at tataas rin ang presyo.
 - C. Bibilis ang produksiyon at darami ang ibebentang *supply*.
 - D. Bababa ang *supply* sa pamilihan dahil sa gastusin sa produksiyon.
9. Inaasahang darami ang bibili ng mga produktong *pasta* para sa pasko. Ano ang mangyayari sa *supply* ng *pasta* pagdating ng buwan ng Disyembre?
- A. Bababa ang *supply* dahil inaasahan lamang at hindi tiyak na bibili ang mga tao.
 - B. Tataas ang *supply* sa buwan ng Disyembre dahil sa inaasahang pagdami ng bibili nito.
 - C. Mananatili ang dami ng *supply* dahil pansamantala lamang ang pagtaas ng kita ng mga tao.
 - D. Walang pagbabago sa *supply* dahil karaniwan lang naman na tumataas ang kita ng mga tao.
10. Sa pamumuhunan, ang isang matalinong negosyante ay may malawak na kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI KABILANG** sa mga katangian ng isang matalinong negosyante?
- A. May kakayahang umangkop sa mga makabagong paraan ng produksiyon.
 - B. Mapagmasid sa galaw ng *demand*, *supply* at presyo sa pamilihan.
 - C. Mapanuri sa ginagawang produkto upang mapanatili ang kalidad nito.
 - D. Naglalagak ng puhunan sa mga produktong walang tiyak na *demand*.

Aralin

1

Araling Panlipunan: Konsepto at mga Salik ng *Supply*



Balikan

Handa Ka Na Ba?

Balikan natin ang konsepto ng demand. Ipagpalagay natin na ikaw ay isang mamimili. Sa iyong punto-de-vista, ano ang iyong gagawin kapag ang presyo ng produkto ay mahal o mura?

Guhitan ng arrow ang direksiyon ng iyong gagawing desisyon sa nakalahad na kaganapan sa pamilihang iyong napuntahan.

	Dadamihan ang bibilhing tilapia		Dadamihan ang bibilhing noodles at de -lata
Ang presyo ng tilapia ay nagmahal.		Nag- <i>sale</i> ang bodega na binibilhan mo ng mga noodles at de-lata na siyang mabili sa iyong munting sari-sari store.	
Mula sa ₱90.00/kg, ito ay ₱125.00/kg na ngayon.	Babawasan ang dami ng bibilhing tilapia		Babawasan ang dami ng bibilhing noodles at de-lata






Tuklasin

GAWAIN 1

THREE PICS: ONE WORD

Panuto: Kompletuhin ang *word puzzle* ng bawat larawan. Matapos nito ay pag- ugnay-ugnayin ang inilalahad ng bawat larawan upang mabuo ang hinihinging konsepto. Pumili ng mga letra upang mabuo ang salita o konsepto. Isulat sa baba ang inyong sagot.

	
P_NIN_A	P_BRIKA
	
NE G _SYAN_E	

(KONSEPTO)

S		P	P		Y
U	N	D	P	T	L
Y	P	A	O	S	A

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang salitang nabuo mula sa mga larawan? Sagot:

2. Anong konsepto ang mabubuo mo batay sa mga larawan? Sagot:

3. Paano mo maiuugnay ang mabubuong konsepto sa mga prodyuser? Sagot:



Suriin


Sa bahaging ito ng modyul ay iyong lilinangin ang mga kaisipan/kaalamang tutulong sa iyo upang higit na maintindihan ang paksang- aralin. Sa pamamamagitan ng mga inihandang babasahin, ay matutunan mo ang mga mahahalagang impormasyon hinggil sa konsepto at mga salik ng *Supply*. Kung kaya't halika at umpisahan na ang masayang pagbabasa at pang- unawa sa paksang-aralin.

ANG KONSEPTO NG SUPPLY

Bilang tugon sa maraming pangangailangan ng tao, nabibigyan ng pagkakataon ang mga prodyuser na lumikha ng mga produkto at magkaloob ng serbisyo upang kumita. Ang *supply* ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

Batas ng Supply

Isinasaad ng Batas ng *Supply* na mayroong direkta o positibong ugnayan ang presyo sa *quantity supplied (qs)* ng isang produkto. Kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili. Kapag bumababa ang presyo, bumababa rin ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili (*ceteris paribus*).



Ayon sa Batas ng *Supply*, sa tuwing ang mga prodyuser ay magdedesisyon na magprodyus ng produkto o magkaloob ng serbisyo, ang presyo ang kanilang pangunahing pinagbabatayan. Ipinapakita ng batas na ito, na ang presyo ng produkto o serbisyo sa pamilihan ang pangunahing batayan ng prodyuser sa paglikha. Dahil dito, higit ang kanilang pagnanais na magbenta nang marami kapag mataas ang presyo.

Supply Schedule

Higit na mauunawaan ang konsepto ng *supply* sa pamamagitan ng *Supply schedule*. Ang *supply schedule* ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo. Makikita sa ibaba ang *supply schedule*.


Supply Schedule ng Kendi

Presyo(piso bawat piraso)	Quality Supplied
Php 5	50
4	40
3	30
2	20
1	10
0	0

Ang iskedyul na makikita sa talahanayan ay tumutukoy sa *quantity supplied* para sa kendi sa iba't ibang presyo. Halimbawa, sa halagang piso (Php1.00) bawat piraso ng kendi, sampu (10) lamang ang dami ng handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Sa presyong (Php2.00) bawat piraso, dalawampung (20) piraso naman ang handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Kung tataas pa ang presyo at maging limang piso (Php5.00) bawat piraso ang kendi, kapansin-pansing magiging 50 ang magiging *supply* para dito. Malinaw na ipinapakita ang direktang ugnayan ng presyo at *quantity supplied* ng kendi para sa prodyuser.

Maliban sa *supply schedule*, maipakikita rin ang ugnayan ng presyo sa *quantity supplied* sa pamamagitan ng isang dayagram o *graph*, ito ay tinatawag na *supply curve*. Ito ay isang grapikong paglalarawan ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*.

Supply Curve




Ang *graph* sa itaas ay batay sa *supply schedule* na nasa talahanayan. Kung ilalapat sa *graph* ang iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at *quantity supplied* ay mabubuo ang *supply curve* para dito. Halimbawa, sa punto B ang presyo ay piso (Php1), sampu (10) ang dami

ng kendi na gusto at handang ipagbili ng prodyuser; sa punto C na ang presyo ay dalawang piso (Php2), dalawampu (20) ang dami ng kendi na gusto at handang ipagbili ng prodyuser. Kung tutuntunin ang mga puntong ito hanggang punto F ay makabubuo ng isang kurbang pataas o *upward sloping curve*. Ang kurbang ito ay nagpapakita ng direktang ugnayan sa pagitan ng presyo at sa dami ng gusto at handang ipagbili ng mga mamimili. Ang paggalaw sa

kurba mula punto B papunta ng punto C ay nagpapakita sa pagtaas ng *supply* ng sampung (10) piraso ng kendi. Kapag ang presyo naman ay bumaba ng piso makikita sa *graph* na bumababa ang *quantity supply* sa sampung (10) piraso.

Paggalaw sa Supply Curve o Movement Along the Supply Curve



Ipinapakita sa *graph* sa itaas ang paggalaw sa *supply curve*. Mangyayari ang paggalaw sa *supply curve* kung ang salik na nakaaapekto ay ang sariling presyo ng produkto na nagbabago. Kung ang presyo ng kendi ay tumaas mula Php1 tungong Php2, makikita sa *graph* na lilipat ang punto B sa punto C. Kung bababa naman ang presyo mula Php5 tungong Php4, ang punto F ay lilipat sa punto E.

Supply Function

Ang isa pang paraan ng pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied* ay sa pamamagitan ng *supply function*. Ang *supply function* ay ang matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*. Maaari itong ipakita sa *equation* sa ibaba:

$$Q_s = f(P)$$

Supply Function mula sa *Supply Schedule* para sa kendi: $Q_s = 0 + 10P$.

Kapag ang $P = 1$ $Q_s = ?$
 $Q_s = ?$

Kapag ang $P = 10$

$$\begin{aligned} Q_s &= 0 + 10P \\ Q_s &= 0 + 10(1) \\ Q_s &= 0 + 10 \\ Q_s &= 10 \text{ piraso} \end{aligned}$$

$$\begin{aligned} Q_s &= 0 + 10P \\ Q_s &= 0 + 10(5) \\ Q_s &= 0 + 50 \\ Q_s &= 50 \text{ piraso} \end{aligned}$$

Gamit ang *supply function* ay makukuha ang dami ng *quantity supplied* kung may *given* na presyo. I-substitute ang presyo na piso sa *variable* na P at I- multiply ito sa *slope* +10, ang makukuhang sagot ay idadagdag sa 0 (*intercept*). Mula dito ay makukuha ang sagot na 10 na *quantity supplied*. Sa ikalawang halimbawa, ang presyo na 5 ay i-multiply sa 10. Ang naging *quantity supplied* ay 50.

Mga Tanong

1. Ano ang kaibahan ng *supply schedule*, *supply function* at *supply curve*?

2. Bakit mahalaga ang *Supply* batay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya?

IBA PANG MGA SALIK NA NAKAAPEKTO SA SUPPLY

Maliban sa presyo, may iba pang salik na nakaaapekto sa *Supply*. Ang pagsusuri ng mga salik na ito ay mahalagang malaman upang higit na maging matalino sa paggawa ng desisyon ang mga prodyuser.


(1) Pagbabago sa Teknolohiya

Karaniwan na paggamit ng makabagong teknolohiya ay nakatutulong sa mga prodyuser na makabuo ng mas maraming *supply* ng produkto. Dahil dito, maaaring bumaba ang halaga ng produksiyon na lalong hihikayat sa mga prodyuser na dagdagan ang kanilang *supply* upang kumita ng mas malaki.

Lumang Makinarya




Makabagong Makinarya



(2) Pagbabago sa Halaga ng mga Salik Produksiyon

Ang paggawa ng produkto ay nangangailangan ng iba't ibang salik gaya ng lupa, paggawa, kapital at *entrepreneurship*. Sa bawat pagtaas ng presyo ng alinmang salik, mangangahulugan ito ng pagtaas sa kabuuang gastos ng produksiyon kaya maaaring bumaba ang dami ng mga

produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Sa kabilang banda, ang pagbaba ng presyo ng alinmang salik ay magdudulot din ng pagbaba ng kabuuang gasto sa produksiyon kaya't inaasahan ang pagdami ng *supply*.



(3) Pagbabago sa Bilang ng mga Nagtitinda

Ang salik na ito ay maihahalintulad din sa *bandwagon effect* sa *demand*. Kung ano ang mga nauusong produkto ay nahihikayat ang mga prodyuser na magprodyus at magtinda nito. Halimbawa, dahil nauuso ang pagtitinda ng *siomai*, *milkshake* at *toasted siopao*, mas marami ang nahihikayat na magtinda ng kaparehong produkto.



(4) Pagbabago sa Presyo ng Kaugnay na Produkto


Ang mga pagbabago sa presyo ng isang produkto ay nakaaapekto sa *quantity supplied* ng mga produktong kaugnay nito. Halimbawa, ang magsasaka ay nagtatanim ng palay at mais. Sa panahon na mas mataas ang presyo ng mais, magaganyak siyang gamitin ang kabuuang lupa bilang taniman ng mais. Ito ay magdudulot ng pagbaba sa *supply* ng bigas at pagtaas ng *supply* ng mais.



(5) Ekspektasyon ng Presyo

Kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto sa madaling panahon, may mga magtatago ng produkto upang maibenta ito sa mas mataas na presyo sa hinaharap. Ang kondisyong ito ay tinatawag na *hoarding* na nagbubunga ng artipisyal na pagbaba ng supply sa pamilihan.


Halimbawa, may paparating na bagyo na tatama sa Gitnang Luzon na isa sa mga pinagmumulan ng *supply* ng bigas sa bansa. May ilang mapagsamantalangnegosyante na magtatago ng kanilang *supply* dahil sa inaasahang pagtaas sa presyo ng produkto. Kapag nangyari na ang inaasahang pagtaas ng presyo ng bigas, muli nilang ilalabas sa pamilihan ang mga itinagong bigas. (Ekonomiks – Modyul para sa Mag-aaral Ed. 2015 pahina 147)



Pagyamanin

GRAPHIC ORGANIZER.

Subukang punan ang mga kahon sa *organizer* base sa nabasang teksto.



(Ang mga inaasahang kasagutan ay makikita sa huling pahina ng modyul na ito).

Mga Tanong:

1. Ano ang *quantity supplied* sa presyong Php 30?

2. Ano ang nangyari sa *quantity supplied* nang bumaba ang presyo sa Php10? Ipaliwanag.

3. Paano inilalarawan ng *supply curve* ang batas ng *supply*?


Gawain 2. ANONG SALIK?

Suriin ang mga sumusunod na sitwasyon at sabihin kung anong salik ang may epekto sa supply.

Sitwasyon	Salik na Nakakaapekto sa Supply
1. Nakita nina Kardo at Victor na mabenta ang lumpia na tinda ni Nora sa paaralan ng Sta. Monica National High School. Kung kaya't nagpasiya silang mabenta din nito.	
2. Ang isang rolyo ng tela na nagkakahalaga ng ₱6,000 ay nakakagawa ng 200 piraso ng pantalon. Nagkaroon ng <i>sale</i> sa tela kaya bumili si Andoy ng dalawang rolyo ng tela.	
3. Ang presyo ng mais na sangkap sa paggawa ng <i>feeds</i> para sa manok ay bumaba. Tumaas naman ang presyo ng <i>sorghum</i> na sangkap rin sa <i>feeds</i> . Ano ang mangyayari sa <i>supply</i> ng <i>sorghum</i> ?	
4. Sa panahon ng Pasko, mabili ang <i>pasta</i> para sa <i>spaghetti</i> at <i>salad</i> . Walang inaasahang pagbabago sa presyo dahil nangako ang mga prodyuser namananatili ang kasalukuyang presyo.	
5. Ninais ni Elyong na pabilisin ang paggawa ng sapatos kung kaya bumili siya at gumamit ng <i>electric cutter</i> sa pagputol ng mga gomang suwelas.	

GAWAIN 3. SANAYSAY

Panuto: Gumawa ng sanaysay tungkol sa salik na nakakaapekto sa *supply* at ang epekto nito sa kanila ngayong may pandemya. Isulat ang iyong sagot sa ibaba.



Isagawa

MAGDESISYON KA! Bilang panghuling gawain, ipagpalagay na isa kang negosyante. Ano ang iyong desisyon sa mga sumusunod na sitwasyon? Isulat at ipaliwanag ang iyong sagot sa espasyo sa ibaba.

1. Mayroon kang *sari-sari store* at marami kang nakatabing *de lata* na nabili mo lamang nang mura. Makalipas ang ilang araw, tumaas ang presyo nito. Ano ang gagawin mo?
2. Tumataas ang gastos sa produksiyon dulot ng pagtaas ng halaga ng mga materyales. Hindi ka makapagtaas ng presyo sapagkat baka marami ang hindi na bumili sa iyo. Ano ang dapat mong gawin?
3. Maraming balakid na kakaharapin ang iyong negosyo. Ilan dito ang banta ng kalamidad at krisis sa kabuhayan at sa ekonomiya. Paano mo mapatatag ang iyong negosyo?



Tayahin


Panghuling Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan ng *supply*?
 - A. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handang ipagbili ng prodyuser sa iba't-ibang presyo.
 - B. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handang bilhin ng mamimili sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
 - C. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang bilhin ng mamimil sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
 - D. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili ng prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
2. Ano ang mangyayari sa produksiyon ng *supply* at kalagayan nito sa pamilihan kung magpasyang gumamit ng makabagong makinarya ang prodyuser?
 - A. Magkakaroon ng unti-unting pagbaba sa *supply*.
 - B. Bibilis ang produksiyon at darami ang ibebentang *supply*.
 - C. Tataas ang *supply* sa pamilihan at tataas rin ang presyo.
 - D. Bababa ang *supply* sa pamilihan dahil sa gastusin sa produksiyon.

3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng direktang ugnayan ng presyo at *supply*?
- Kapag tumaas ang presyo, nananatili ang dami ng *supply* ng produkto at serbisyo.
 - Kapag tumaas ang presyo, kokonti ang *supply* ng produkto o serbisyonghanda at kayang ibenta.
 - Kapag tumaas ang presyo, dadami rin ang *supply* ng produkto o serbisyonghanda at kayang ibenta.
 - Ang pagtaas ng presyo ay walang epekto sa dami ng *supply* ng produkto at serbisyo.
4. Ano ang tumutukoy sa matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*?
- Law of Supply*
 - Supply Function*
 - Supply Curve*
 - Supply Schedule*
5. Bilang isang mag-aaral, alin sa mga sumusunod ang nararapat mong gawin kung tumaas ang presyo ng produkto?
- Magtipid at bilhin ang nararapat na pangangailangan.
 - Maghanap ng paraan upang mabili ang kagustuhan.
 - Bilhin ang nararapat at humingi na lamang kapag kulang na ang salapi.
 - Bilhin ang nararapat at hayaan na lamang ang mangyayari kinabukasan.
6. Ang presyo ng tinapay ay unti-unting bumababa ng tigtatlong piso kada araw mula sa P 25. Pagkatapos ng limang araw, ang presyo ng tinapay ay P 10. Ano ang epekto nito sa *supply* at sa mamimili?
- Darami ang *supply* ng tinapay at darami ang mamimili.
 - Darami ang *supply* ng tinapay pero hindi mabebenta ang mga ito.
 - Bababa ang *supply* ng tinapay pero darami ang gustong bumili nito.
 - Bababa ang *supply* y ng tinapay at bababa rin ang dami ng gustong bumilinito.
7. Sa paggawa ng produktong ibebenta, isinasaalang-alang ng mamumuhunan ang mga salik ng produksiyon. Ano ang kahihinatnan ng pagtaas ng presyo ng alinmang salik?
- Ito ay mangangahulugan ng malaking kikitain ng mamumuhunan.
 - Ito ay mangangahulugan ng pagtaas sa kabuuang gastos sa produksiyon.
 - Ito ay mangangahulugan ng mabilis na produksiyon ng mga produkto.
 - Ito ay mangangahulugan ng pagtaas ng *supply* dahil sa mataas na presyo.
8. Sa pamumuhunan, ang isang matalinong negosyante ay may malawak na kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI KABILANG** sa mga katangian ng isang matalinong negosyante?
- Naglalagak ng puhunan sa mga produktong walang tiyak na *demand*.
 - May kakayahang umangkop sa mga makabagong paraan ng produksiyon.
 - Mapagmasid sa galaw ng *demand*, *supply* at presyo sa pamilihan.
 - Mapanuri sa ginagawang produkto upang mapanatili ang kalidad nito.


9. Inaasahang darami ang bibili ng mga produktong *pasta* para sa pasko. Ano ang mangyayari sa *supply* ng *pasta* pagdating ng buwan ng Disyembre?
- A. Bababa ang *supply* dahil inaasahan lamang at hindi tiyak na bibili ang mga tao.
 - B. Mananatili ang dami ng *supply* dahil pansamantala lamang ang pagtaas ng kita ng mga tao.
 - C. Tataas ang *supply* sa buwan ng Disyembre dahil sa inaasahang pagdami ng bibili nito.
 - D. Walang pagbabago sa *supply* dahil karaniwan lang naman na tumataas ang kita ng mga tao.
10. Ano ang gawain ng mga mamumuhunan ang nagdudulot ng artipisyal na kakulangan ng *supply* sa pamilihan?
- A. *bandwagon effect*
 - B. *hoarding*
 - C. surplus
 - D. *shortage*



Karagdagang Gawain

Subukang pasyalan ang pinakamalapit na pamilihan sa iyong lugar. Magmasid sagalaw ng *demand*, *supply* at presyo. Magtanong sa mga negosyante.

1. Ano-anong mga produkto ang kadalasang nauubusan ng *supply*? Ano-anong produkto ang di gaanong binibili?
2. Ano ang kanilang ginagawa sa mga produktong madalas bilhin ng konsyumer? Ano naman ang kanilang ginagawa kapag hindi gaanong mabili ang isang produkto?



Susi sa Pagwawasto

Panang Pagtataya

1. C
2. C
3. B
4. D
5. C
6. C
7. D
8. C
9. B
10. D

Tuklasin

THREE PICS: ONE WORD

Ang mga salitang nabuo mula sa mga larawan ay paninda, pabríka at negosyante. Ang konseptong mabubuo batay sa mga larawan ay *supply*. Matuugnay ang mabubuonng konsepto sa mga prodyuser sa pamamagitan ng pagbabatay ng mga prodyuser ang magiging presyo ng kanilang produkto, dami ng *supply* at pati ang ibigay nilang sahod sa kanilang manggagawa.

Balikan

Gawain 1: Handa Ka Na Ba?

1. Ang *demand* ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na kaya at handang bilhin ng mga konyumer sa alternatibong presyo sa isang takdang panahon.

2. Salik na Naapekto sa *Demand*

- Kita
- Panlasa
- Damí ng Maramí
- Presyo ng magkautang na produkto sa pagkonsunmo
- Inaasahan ng mga mamimili sa presyo sa hinaharap

Pagpamamain GO NEGOSYO!

1. Ang paksaang pinag-uusapan ng dalawang prodyuser ay ang kanilang magiging produktsiyon batay sa taas o baba ng *demand*.

2. Ang reaksiyon ng isang prodyuser kapag tumataas ang presyo ay masaya sapagkat maaari niyang maibenta sa mataas na presyo ang mga produkto niyang ginawa noong mas mura pa ang mga hilaw na materyales

3. Ang relasyon ng pagtaas ng presyo ng ga produkto sa pagdagdag ng produktsiyon ay mlaki at proporsyonal ang dalawang ito. Sa pagtaas ng presyo ng produkto upang makuha ng mga prodyuser ang tubong kanilang inaasam.

GRAPHIC ORGANIZER

Salik na Hindi Presyo

Pagbabago sa Teknolohiya

Pagbabago sa Halaga ng mga Salik ng Produktsiyon

Pagbabago sa Bilang ng mga Nagtitinda/Mangangalakal

Pagbabago sa Presyo ng Kaugnay ng Produkto

Ekspektasyon sa Presyo

Surtin

1. Ang kabahan ng *supply schedule*, *supply function* at *supply curve* ay ang *supply schedule* ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo, ang *supply function* naman ay ang matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied* samantala ang *supply curve* ay maipakikita rin ang ugnayan ng presyo sa *quantity supplied* sa pamamagitan ng isang dayagram o *graph*. Ito ay isang grapikong paglalarawan ng ugnayan ng presyo at *quantity supplied*.

2. Ang kahalagahan ng *supply* batay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya ay mahalaga sapagkat dito tayo kumukuha ng mga pangangailangan bawat pamilya tulad ng *supply* sa pagkain, damit, gamit at iba pang pangangailangan upang mabuhay.

Panghuling Pagtataya	11.D
	6. B
	7. B
	8. A
	9. C
	10. B

Isagawa

MAGDESISYON KAI!

1. Maaaring Sagot: Ilalabas at ibebenta ang natabang mga *de lata*. Dahil sa mataas ng presyo maaaring kumita ng malaki.
2. Maaaring Sagot: Maaaring magbawas ng produksiyon. Maaari ring ayusin ng maigi ang produksiyon upang walang masayang sa mga materyales.
3. Maaaring Sagot: pag-aralan ng mabuti ang tamang pamamalakad ng negosyo. Maaaring sumangguni sa mga eksperto tungkol sa pamamahala sa negosyo. Ang banta ng kalamidad ay maaaring mapaghandaan sa pamamagitan ng paglalaan ng pundo upang magamit sa anumang pag-aayos sa mga masisira ng kalamidad

Isaisip

GRAPH MO!

1. Ang *quantity supplied* sa presyong Pnp 30 ay 250.
2. Ang nangyari sa *quantity supplied* nang bumaba ang presyo sa Pnp10 ay bumaba rin ang *quantity supplied* dahil bababa rin ang *quantity supplied* bumaba rin ang presyo nito.
3. Ang *supply curve* ay nagpapakita ng elastiko ng *supply* kung saan makikita na mas malaki ang pagbabago ng *supply* sa bawat porsyento ng pagbabago ng presyo.

ANONG SALIK?

- Pagbabago Sa Bilang ng mga Nagtinda/Mangangalakal
- Pagbabago sa Halaga ng mga Salik ng Produksiyon
- Pagbabago sa Presyo ngKaugnay ng Produkto
- Elkspektasyon sa Presyo
- Pagbabago sa Teknolohiya

SANAYSAY

Maaring sagot

Salik na nakakaapekto sa *supply*:

- Pagbabago Sa Bilang ng mga Nagtinda/Mangangalakal
- Pagbabago sa Halaga ng mga Salik ng Produksiyon
- Pagbabago sa Presyo ngKaugnay ng Produkto at iba pa.

Epekto:

- Pagtaas ng presyo ng bilihin
- Kahirapan at iba pa

Sanggunian

Bernard R. Balitao, Martiniano D. Busing, Edward D.J. Garcia, Apollo D. De Guzman, Juanito L. Lumibao Jr., Alex P. Mateo, at Irene J. Mondejar; Kagawaran ng Edukasyon, EKONOMIKS, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon 2015, pp-138- 148

Mga Pinagkunan ng larawan:

<https://shopee.ph/Grocery-Package-Grocery-Package-Grocery-Package-Grocery-Package-i.29367712.4838146925>

<https://www.shutterstock.com/search/old+food+factory>

<https://www.kalabiotech.com/food-processing-equipment/>

<https://marketbusinessnews.com/financial-glossary/factors-production-definition-meaning/>

<https://www.pixtastock.com/illustration/58297200>

<https://www.dreamstime.com/illustration/rice-cultivation.html>

<https://poultry.extension.org/articles/feeds-and-feeding-of-poultry/feed-ingredients-for-poultry/cereals-in-poultry-diets/corn-in-poultry-diets/>

<https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/good-idea-portrait-man-with-a-light-bulb-vector-33280330>

https://www.kindpng.com/imgv/ixxRhTT_corn-field-borders-transparent-corn-field-clipart-hd/

https://www.google.com/url?sa=i&url=http%3A%2F%2Fclipart-library.com%2Fclipart%2F114819.htm&psig=AOvVaw3rtLfBN_LOLMAHyuNkuFsU&ust=1629946210970000&source=images&cd=vfe&ved=0CAoQjRxqFwoTCOjk-Y2Vy_ICFQAAAAAdAAAAABAD

https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.vecteezy.com%2Ffree-vector%2Frice-field&psig=AOvVaw2KrhM4hcEHvIQZxjieNOVA&ust=1629946489312000&source=images&cd=vfe&ved=0CAoQjRxqFwoTCLCIsYCWy_ICFQAAAAAdAAAAABAJ

https://www.clipartmax.com/middle/m2i8K9b1b1K9i8N4_big-image-businessman-clipart/

<https://www.shutterstock.com/image-vector/warehouse-rice-vector-374286853>

<https://www.istockphoto.com/illustrations/rice-bag>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph